

MGA PAMANTAYAN SA PAGGAWA NG CHICAGO

KUNG NAGTATRABAHO KA NANG HINDI BABABA SA 2 ORAS SA ANUMANG 2 LINGGONG PANAHOON PARA SA ISANG EMPLOYER SA CHICAGO, SAKOP KA NG ORDINANSANG SA MINIMUM NA SAHOD AT MAY BAYAD NA BAKASYON PARA SA PAGKAKASAKIT



MINIMUM NA SAHOD

NAGTATAKDA NG MINIMUM NA SAHOD SA CHICAGO (MCC 1-24)

Hulyo 1, 2021 Epektibong Petsa	Malalaking Employer 21 o higit pang empleyado	Maliliit na Employer 4 hanggang 20 empleyado	Mga Manggagawang Kabataan	Mga Manggagawang Tumatanggap ng Tip		
				Malaki	Maliit	Kabataan
Minimum na Sahod	\$15.00	\$14.00	\$11.00	\$9.00	\$8.40	\$6.60
Overtime na Minimum na Sahod	\$22.50	\$21.00	\$16.50	\$16.50	\$15.40	\$12.10

Ang mga **Manggagawang Tumatanggap ng Tip** ay mga Manggagawa na tumatanggap ng mga tip bilang bahagi ng kanilang sahod, tulad ng mga serbidor sa restaurant. Kung ang kanilang sahod kasama ang mga tip ay hindi man lang katumbas ng bilang ng oras na nagtrabaho na imu-multiply sa minimum na sahod, **dapat bayaran ng Employer ang kulang**

Lahat ng Domestikong Manggagawa, gaano man karami ang mga Manggagawang pinagtatrabaho ng kanilang Employer, **ay dapat makatanggap ng minimum na Sahod** (\$14.00 mula sa mga Employer na may 0-20 Empleyado, at \$15.00 mula sa malalaking Employer)



MAY BAYAD NA BAKASYON PARA SA PAGKAKASAKIT

NANGANGAILANGAN NG MAY BAYAD NA BAKASYON PARA SA MGA KADAHILANANG MEDIKAL O PANGKALIGTASAN (MCC 1-24)

Dapat magbigay ang mga Employer sa mga Empleyado ng **May Bayad na Bakasyon sa Pagkakasakit (Paid Sick Leave o PSL)** para maalagaan ang kanilang mga sarili o ang isang miyembro ng pamilya kung nagtatrabaho sila nang hindi bababa sa 80 oras sa loob ng anumang 120 araw na panahon

Pagkakaroon ng Bakasyon	Paggamit ng Bakasyon	Pag-carry Over
1 oras na May Bayad na Bakasyon para sa Pagkakasakit para sa bawat 40 oras na nagtrabaho (hanggang 40 oras sa isang 12 buwang panahon)	Hanggang 60 oras sa isang 12 buwang panahon, kapag: ang Empleyado o isang miyembro ng pamilya ay may sakit, nasaktan, o isang biktima ng karahasan sa tahanan o sekswal na pagkakasala, o para sa medikal na pangangalaga, pagpapagamot, pagsusuri, o pang-iwas na pangangalaga, bukod sa iba pang mga dahilan	Maaaring ma-carry over ang kalahati ng mga oras ng PSL sa pagitan ng tig-12 buwang panahon , nang hanggang 20 oras. Sa ilang partikular na kaso, hanggang 40 oras ang maaaring ma-carry over

PANGANGALAKAL NG TAO

PROTEKTADO ANG MGA MANGGAGAWA SA ILALIM NG BATAS NG CHICAGO AT ILLINOIS

Kung ikaw o ang kakilala mo ay pinupuwersang makibahagi sa anumang aktibidad o pinupuwersang magtrabaho, hindi makaalis, kinukuhanan ng suweldo, kinukuhanan ng passport o ID at itinago ito, o pinagbabantaang ide-deport kung hindi magtatrabaho

Tumawag sa Pambansang Hotline ukol sa Pangangalakal ng Tao (National Human Trafficking Hotline) 1-888-373-7888 o I-text ang "HELP" sa 233733 para i-access ang libreng tulong at mga serbisyo
Magagamit sa lahat ng oras sa 160 wika at pinapangasiwaan ng isang organisasyong hindi ahensiya ng pamahalaan



MAGHAIN NG REKLAMO

Tumawag sa 311, gamitin ang CHI 311 app, o maghain ng Form ng Reklamo sa

www.chicago.gov/laborstandards



Para sa karagdagang detalye, kabilang ang buong listahan ng mga exempted na Empleyado, bisitahin ang www.chicago.gov/laborstandards o makipag-ugnayan sa Tanggapan ng mga Pamantayan sa Paggawa sa bacplaborstandards@cityofchicago.org o sa 312-744-2211

Dapat ipakita ang Abisong ito sa isang kapuna-punang lugar sa lugar na pinagtatrabahan at ibigay kasama ng unang paycheck ng bawat Sakop na Empleyado. Ipinagbabawal ang paghihiganti. Epektibo ang abiso sa Hulyo 1, 2021. Huling na-update noong 2021